Rebyu

Bernadette Neri at C.J. de Silva (2012). *Ikaklit sa aming Hardin*. Manila: Publikasyong Twamkittens.

Rhandee Garlitos at Tokwa Peñaflorida (2013). *Ang Bonggang Bonggang Batang Beki*. Manila: LG&M Corporation.

Ang Bonggang Bonggang Batang Beki at *Ang Ikaklit sa Aming Hardin:* Makabagong Patingin sa Kahulugan ng Tao at Pamilya

Danielle P. Ochoa
Department of Psychology
University of the Philippines (UP), Diliman, Quezon City

Isa sa napakaraming natututunan ng mga bata sa kanilang murang edad ang paglalagay ng iba't ibang uri ng mga tao sa kani-kanilang mga kahon. Mahalaga para sa batang maintindihan ang kaniyang mundo, at ang paghahambing ng pagkakaiba't pagkakapareho ng mga tao ayon sa kanilang mga katangian ay isang paraan upang maliwanagan dito. Nabibilang sa mga pinakamatingkad na kahong ito ang kasarian (Martin, Ruble, at Szkrybalo 2002). Mula kapanganakan, magkaiba ang turing sa bata batay sa kanyang kasarian. Sa kanyang paglaki, natututo rin siyang ibahin ang tao batay rito. Ito'y natututunan mula sa sariling karanasan, sa pag-obserba sa paligid, at sa mga pinahahalagahan at pinapahayag sa mas malawak na kultura. Kabilang dito ang panitikang pambatam may matimbang na impluwensiya sa kaalaman mga bata tungkol sa kasarian (Gooden at Gooden 2001).

Madalas makita sa mga kuwentong pambata ang pagkakaiba sa papel ng mga tahuang babae't lalaki, at idinidiin kung ano ang nararapat na kilos at katangian batay sa kasarian. Mula rito, natututo ang bata tungkol sa asal na inaasahan sa kanya bilang babae o lalaki, at umasang sasang-ayon din ang mga tao sa paligid niya sa mga katagiang ito (Gooden at Gooden 2001). Tunay na makapangyarihan ang mga kuwentong pambata sa paghubog kamalayan ng mga bata tungkol sa kasarian. Maaaring lalong mapalaganap ang mga tradisyunal na pagganap ng kababaihan at kalalakihan at malimitahan ang kahulugan ng pagkababae at pagkalalaki. Ngunit maaari rin namang lalong mapalawak nito ang perspektibo ng bata tungkol sa kasarian at ipabatid ang halaga ng pagkakapantay-pantay ng tao sa gitna ng ating mga pagkakaiba. Tampok ang ganitong mensahe

sa dalawang kuwentong pambatang tatalakayin dito: *Ang Bonggang Bonggang Batang Beki* at *Ang Ikaklit sa Aming Hardin*.

ANG IKAKLIT SA AMING HARDIN:
PAGKILALA SA TUNAY NA KAHULUGAN NG PAMILYA

Sa kuwentong *Ang Ikakit sa Aming Hardin* ni Bernadette Villanueva Neri, makikilala si Ikaklit at ang kanyang dalawang inang si Nay Daisy at Nay Lilia. Ramdam ang pagmamahalan nila sa pamilya habang sila'y namamasyal sa kanilang lalawigan ng Baguio, nagkukuwentuhan, at nagtatanim at nag-aalaga ng mga halaman sa kanilang hardin. Ngunit matutuklasan ni Ikaklit sa labas ng kanilang munting mundo na hindi pala pangkaraniwang ang kanyang pamilya—at ilang mga pamilya sa paligid niya. Masakit man ang paraan ng kanyang pagkatanto ng realidad na ito, natuklasan niya sa pamamagitan ng pagmamahal at pag-aaruga ng kanyang mga magulang na ang tunay na kahulugan ng pamilya ay higit sa pagkakaroon lamang ng ina, ama, at anak. Mula sa pagmamahal na ito, nagbunga rin kay Ikaklit ang malasakit sa iba pang mga batang tulad niya'y bahagi ng kakaibang uri ng pamilya.

Napakayaman sa detalye ang naratibo—na binansagan ng manunulat na si Det Neri bilang naratibo o naratibo ng mga tibô, sa paglalarawan ng mga karanasan ni Ikaklit kasama ang kanyang mga ina. Sa paglalatag ng mga pangyayaring nakapaloob sa lugar at kultura ng Baguio, lalong nabibigyang-buhay ang kuwento ni Ikaklit. Ito rin ay nagiging paraan para sa mga batang mambabasang lalong mapalawak ang kanilang isipan tungkol sa yaman ng kulturang Pilipino. Malinaw din napahayag ang mga pangyayari at mga simbolong nakapaloob dito sa mga guhit ni CJ de Silva. Mapapansin sa karamihan ng mga pahina ang pagkakasari-sari ng mga bulaklak sa hardin nina Ikaklit—ang sagisag na ginamit sa aklat bilang pagkilala sa iba't ibang uri ng pamilya. Gayundin, taglay sa karamihan ng mga eksena ang walang sawang paggabay at pag-alaga nina Nay Daisy at Nay Lilia sa kanilang anak. Mapapansin nga lang na parang iisa lamang ang papel ng dalawang ina sa kuwento—maganda sanang mapakitang may aktibong ginagawa ang bawat isa sa halip na nanonood lamang o nakahayakap kay Ikaklit. Pareho rin silang umaayon sa tradisyunal na hitsura at papel ng babae, at sinusuportahan ang kasalukuyang istiryotipo ng babae bilang taga-aaruga. Ano kaya ang magiging epekto sa kuwento at mambabasa kung ang pagguhit sa isa o pareho sa kanila ay lumayo sa tipikal na paglalarawan ng babae?

Sa pangkalahatan, maganda ang pagkakalatag ng matatag at mapagmahal na samahan ng pamilya, kung saan mapapaibig din ang mambabasa sa kanila. Ipinamalas din kung gaano kasaya at komportable si Ikaklit sa piling ng kanyang mga ina. Sa ganitong paraan, mas naging matingkad ang pagkakaiba ng karanasan ni Ikaklit sa paaralan kung saan inapi siya dahil sa pagiging iba ng kanyang pamilya. Ang paglalarawan din sa pamilya ni Ikaklit sa simula ay naging paraan upang ipamalas ang kawalang-saysay ng pang-aapi sa ganitong uri ng samahan. Napakalinaw sa salaysay at sa pagguhit ang pag-iiba ng nararamdaman ni Ikaklit habang nasa kanyang tahanan kasama ng kanyang mga ina at nasa paaralan, kung saan siya'y nakaranas ng pang-aapi ng kanyang mga

kaklase. Kitang kita sa mga mata ng bida ang mga emosyong dala ng kanyang pinagdaanan, at napupukaw ang damdamin ng mambabasa rito—mapapangiti habang siya'y nasa piling ng kanyang mga ina, malulungkot at maaawa habang inaapi ng mga kaklase, at mapapahanga sa kanyang pagmamalasakit sa ibang batag tulad niya.

Tunay na kahanga-hanga nga naman ang pagiging sensitibo ni Ikaklit. Sa halip na maawa na lang sa sarili sa gitna ng kanyang kalungkutan, naisip din niya ang kapakanan ng ibang mga kaklaseng inapi rin dahil sa pagiging iba ng kanilang mga pamilya. Dito nagiging taglay ang ibang uri ng lakas ng loob na bunga ng pag-aaruga at pag-ibig ng kanyang mga ina. Para sa mga bata katulad ni Ikaklit na may pinagdadaanan din, maaari itong maging paalalang hindi sila nag-iisa, at mayroon ibang tulad nilang kinakailangan ding makaramdam ng pagtanggap ng kapwa. Matingkad na naipapahayag dito na sa pagmamahal at pag-aalaga ng pamilya, napauusbong ang tunay na kagandahang loob ng bawat isa.

ANG BONGGANG BONGGANG BATANG BEKI:
PAGDIRIWANG NG PAGKABONGGA NG MGA BEKI (AT BABAE)

Ang Bonggang Bonggang Batang Beki, na isinulat ni Rhandee Garlitos, ay isang mapaglarong kuwento tungkol sa batang lalaking si Adel, na napakahilig sa kulay na *pink*. Sinalaysay mula sa pananaw ng kanyang kuya, nagsisimula ito sa paglalarawan niya kay Adel, na paborito ang kulay na pink, mahilig sa gawaing-bahay, at bigay na bigay kumanta't sumayaw kasama ang kanyang mga kaibigan. May pagkamangha ang kanyang kuya sa pagiging kakaiba ng kapatid sa karaniwang batang lalaki, ngunit malinaw ding pinahayag na mahal na mahal siya ng kanyang pamilya at mga kaibigan. Sa kabila nito, mayroon ding mga hindi makaunawa kung bakit hindi tulad ng ibang lalaking matapang at matipuno si Adel, at pangunahin sa kwento ang kanyang Tito Braulio at mga pinsang sina Bruno at Berto. Tuwing bumibisita sila sa tahanan nina Adel, siya'y napag-iinitan ng kanyang sundalong tito at mga pilyong pinsan. Ngunit sa pagdaloy ng kuwento, napatunayan ni Adel ang kanyang sarili at naipahayag ang kanyang tanyag na lakas ng loob.

Sa pagsusulat ng kuwentong ito, kasing kulay ng bahaghari ang paglalarawan ni Rhandee Garlitos kay Adel at kanyang mga kaibigan. Angkop din ang mga guhit ni Tokwa Salazar Peñaflorida sa mga tauhang ito—buhay na buhay ang mga kulay at galaw sa kanilang mga eksena, habang mas matamlay ang mga kulay ng ibang mga tauhan, lalo na nina Tito Braulio, Bruno, at Berto. Talagang pinakita sa pagsulat at pagguhit ang pagkabongga nina Adel at kanyang mga kaibigan, na pinagmamalaki kahit sa mga batang kalyeng nang-aapi sa kanila na "BEKI nga kami, pero kami ang mga BONGGANG-BONGGANG BATANG BEKI!"

Pinapaalala sa atin ng kuwentong ito na ang konsepto natin ng kasarian ay binubuo ng mga simbolo at tradisyong napagkasunduan sa lipunan. Malinaw itong napapahiwatig sa paggamit ng kulay pink bilang paborito ni Adel, at iba pang kilos na nakita kay Adel. "*Pink makes me think*!" ang kanyang bukambibig tungkol sa paboritong kulay, pinahahalagahan ng kanyang pamilya ang kanyang

pagtulong sa gawaing bahay, at nasisiyahan at nagpapasaya silang magkakaibigan sa kanilang pagsayaw, pagkanta, at pag-imbento ng salita. Ngunit mula rito, ang nakikita ng ibang tao tulad nina Tito Braulio, Berto, at Bruno ay batang lalaking lumalabag sa inaasahan sa kanyang kasarian, at maituturing mahina o malambot. Nakapaloob din sa ganitong pagtrato ng mga tauhang ito kay Adel ang mensahe na ang pagiging parang babae ay isang kahinaan—isang mensaheng tinutulan nang lubusan sa kuwento.

Pinakita ang pagkilos-babae ni Adel bilang bahagi ng kanyang kalakasan, at ito'y nagpapahiwatig ng positibong mensahe hindi lamang para sa mga batang beki ngunit pati sa mga kababaihan. Tradisyunal na tinitignan ang babae bilang mas mahina sa lalaki, ngunit malinaw na idiniin na ang mga katangiang nababansagang pambabae—pagiging maalagain, masinop, at malikhain ay maituturing kalakasan. Dahil tao lang din naman si Adel, binalanse rin ang pagtatanghal ng kanyang mga kalakasan kasama ng kanyang mga kahinaan tulad ng pagiging matakutin sa mga maligno, insekto, at ang kanyang Tito Braulio. Medyo nakakabahala lamang na isinama sa kanyang kahinaan ang paglalarawang "[m]adali siyang maluha tuwing nanonood ng mga eksena sa paborito niyang drama sa telebisyon." Hindi ba ito maituturing tatak din ng kanyang kakayahang makaintindi sa nararanasan ng kapwa? Maliban dito sa isang paglalarawang ito, hindi naman ipinahayag na mahina at duwag si Adel. Mas matingkad pa rin ang pagtatampok ng kanyang lakas ng loob na hindi nakasalalay sa pagiging matipuno at matapang, kundi sa pagsuyo at pag-unawa. Ang lakas ng loob na ito rin ang naging paraan upang mapatunayan ang kanyang sarili sa kanyang Tito at mga pinsang nang-api sa kanya.

Habang *Ang Bonggang Bonggang Batang Beki* ay pagkilala sa kabonggahang nararapat ipagmalaki ng bawat batang beki, ito rin ay paalalang mahalagang kilalanin natin ang bawat isa bilang tao. Beki man o hindi, ang bawat tao ay may kanya-kanyang kahinaan at kalakasan, pagkakaiba at pagkakatulad. Sa ganitong mensahe, nagbibigay din ang kuwento ng mas malaking hamong alisin na ang paghihiwalay ng mga kilos at katangian bilang pambabae at panlalaki. Bakit kailangang matawag na pambabae ang pagiging malambot at maramdamin, at panlalaki ang pagiging matapang at matipuno? Hindi ba't mas makababuti sa ating kilalanin ang ating mga kalakasan at kahinaan bilang bahagi ng pagiging tao, at hindi dahil inaasahan lamang ito sa ating kasarian?

PAGKILALA SA KARANASAN NG LGBT TUNGO SA PAG-UNAWA

Sa pagtatanghal ng buhay ng isang batang beki at pamilyang may dalawang ina, napipilitan tayong balikan ang mga kahong pinanghahawakan natin sa ating lipunan, at palawakin ang isipan natin at ng mga bata tungkol sa ating pagkakaiba at pagkakatulad bilang tao. Ang tao ay hindi lamang matipunong lalaki at mahinhing babae, at ang pamilya ay hindi rin kinakailangang may ama, ina, at anak upang maituring pamilya. Lalong nagiging mahalagang talakayin ang mga temang ito habang mas nagiging mainit ang mga usapin tungkol sa isyu ng mga LGBT, na nasasaklawan ng dalawang kuwentong ito.

Kung tutuusin, kahit kuwentong LGBT ang *Ikaklit* at *Bongga,* nakapaloob din dito ang mga karanasan ng mga tao sa labas ng komunidad na ito. Sa *Bongga*, malinaw na ipinahiwatig na ang mga katangiang kadalasang inuugnay sa kababaihan ay hindi dapat maituring kahinaan. Sa proseso ng pagpapamalas sa kalakasan ni Adel na batang beki, nasakop din ang kalakasan ng kababaihan. Gayundin sa *Ikaklit* kung saan tampok ang tunay na kahulugan ng pamilya. Sa pagdidiin na maitututuring ding pamilya ang isang tahanang may dalawang ina, nasakupan din ang ibang mga pamilyang hindi naaayon sa tradisyunal na kahulugan nito. Sa ganitong paraan, pinararating sa mambabasa, bata man o matanda, na nararapat ituring kapwa tao ang bawat isa, kahit anupaman ang katangian nila.

Sa kasalukuyan, malayo pa ang ating lipunan sa pagtanggap at pag-unawang ito, at matingkad itong nasalamin sa dalawang kuwento. Malinaw na naisalaysay ang karanasan ng mga tauhang nakaranas ng pambubully dahil sa kanilang pagiging iba sa tinuturing katanggap-tanggap. Inapi si Ikaklit ng mga kaklase dahil dalawa ang kanyang ina, at napagkaisahan din si Adel ng kanyang tiyo at mga pinsan dahil sa kanyang pagkilos nang parang babae. Ang ganitong mga karanasan ay realidad para sa mga batang tinuturing hindi angkop ang kilos sa kanilang kasarian, at mga miyembro ng pamilyang may magulang na LGBT (Ryan at Hermann-Wilmarth 2013).

Ayon sa mga pananaliksik, ang pangunahing sanhi ng pang-aapi o pambubully ang pagtingin sa tao bilang iba, mas mahina, o mas mababa—sa madaling salita, pag-iibang tao (Thornberg 2010). Ang pagiging LGBT, o pag-ugnay sa isang tao sa grupong ito ay isang madalas na basehan ng pagiging iba. Ngunit sa mga kuwentong ito, pinapaalalang iba man ang mga bida sa nabansagan ng lipunang pangkaraniwang o normal, sila rin ay kapwa taong umiibig, nasasaktan, natutuwa, at nalulungkot. Gayundin, ipinamalas na ang mga LGBT at mga taong malapit sa kanila ay hindi mahina o kaawa-awa ngunit may sariling lakas ng loob na ipinamamahagi sa mga tao sa paligid nila. Mahalagang paraan ang kuwentong pambata sa paghubog ng isipan ng mga bata, at sa pagpapalawak sa kanilang kamalayan tungkol sa ating pagkakapareho bilang tao, maaaring mabawasan ang karanasan ng pambubully bunga ng pag-iiba sa mga LGBT.

Kasama ng isyu ng pambu-*bully*, malinaw ring lumilitaw ang tema ng pamilya sa parehong kuwento. Mahalaga nga naman itong talakayin, lalo na bilang paalala para sa mga batang nakararanas ng pang-aapi na maaaring makakuha ng kinakailangang lakas ng loob mula sa kanilang mga pamilya. Gayundin, naipapamalas dito ang mga karanasan ng mga pamilyang may miyembrong LGBT. Sa kuwento ni Adel, masasaksihan ang mga suliraning maaaring maranasan sa loob ng pamilya mismo kapag may batang LGBT o nagpapakita ng kilos na hindi tipikal sa kanyang kasarian. Ang *Ikaklit* naman ay nagbibigay ng halimbawa ng mga karanasan ng pagtingin ng lipunan sa mga pamilyang may magulang na LGBT. Ilan lamang ito sa mga posibleng hamon ng mga pamilya, ngunit binubuksan ng mga kuwentong ito ang talakayan ukol dito.

Ayon sa isang grupo ng mga gurong nabasa ang parehong aklat, mas naging matingkad ang paksa pagpapahalaga sa pamilya kumpara sa mga temang LGBT. Habang maaaring makita itong pagsapaw sa mahalagang isyu ng mga komunidad na ito, posible ring ang pag-ikot ng kwento sa

karanasang pampamilya ay naging paraan upang mapabatid ang pagkakatulad ng mga tauhan sa mambabasa. Gayundin, bilang kuwento tungkol sa mga pamilya, hindi ito nalalayo sa maraming mga kuwentong pambata, at maaari itong maging paraan upang maging mas katanggap-tanggap ang mga aklat kahit sa mga mas konserbatibong mambabasa. Kailangang alalahaning unang hakbang pa lang ito para sa mga kuwentong LGBT sa panitikang pambata, at marami pang hinaharap ang mga akdang tulad nito.

ANG HINAHARAP NG PANITIKANG PAMBATANG MAY TEMANG LGBT

Mahalagang banggiting ang mga manunulat ng mga kuwentong ito ay LGBT rin mismo. Dahi diyan, mas ramdam ang pagpapatotoo sa mga karanasan ng mga isyu kanilang komunidad. Marahil ito'y magiging simula ng mas aktibong pagsusulat at paglalathala ng mga kuwentong pambatang may ganitong tema. Totoong marami pang hamon para sa ganitong mga akda. Nanalo man ang *Ikaklit* ng *Palanca Award*, kinailangan ng manunulat na siya mismo ang maglathala nito dahil wala sa malalaking tagapaglathalang bukas ilimbag ito. Umabot nga ng anim na taon mula sa pagkapanalo ng gantimpalang ito bago naging aklat ang kuwento. Sa kaso ng *Bongga*, ang tagapaglathala mismo ang nagtanong kay Rhandee Garlitos kung mayroon siyang kwento tungkol sa batang bakla. Masasabing malaking hakbang ito, ngunit kita ring may pag-iingat pa rin sa pagtalakay sa paksa, nang nilinaw ng manunulat na ang tinatalakay sa kuwento ay ang pambabaeng kilos ni Adel at hindi ang kanyang oryentasyong sekswal. Diretso nga itong sinabi doon sa pagpapaliwanag ng ate ni Adel na ang beki ay "lalaking hindi matigas kumilos, mataas at malamya ang boses, at kumikilos na parang babae." Kahit saan sa kwento ay hindi sinabing bakla si Adel na may gusto sa kapwa lalaki. Marahil sinasalamin lamang nito ang sitwasyon sa panitikang pambata sa kasalukuyan, sapagkat hindi pa rin talaga tinatalakay ang mga isyu ng pagka-akit ng mga bata, kahit anong kasarian man (Ryan at Hermann-Wilmarth 2013). Dahil dito, malamang ay malayo pa talaga bago pumasok ang isyu ng oryentasyong sekswal sa panitikang pambata.

Gayunpaman, tiyak na malayo na ang narating ng panitikang pambata sa Pilipinas sa paglathala ng mga aklat na ito. Ngunit simula pa lamang ito, at marami pang ibang maaaring magawa para sa mga susunod na maisusulat. Ang *Ikaklit* at *Bongga* ay parehong sinulat mula sa pananaw ng mga taong malapit sa mga tauhang LGBT, ngunit wala pang akdang nagsasalaysay mula sa boses mismo ng miyembro ng komunidad na ito. Marahil magiging mas makapangyarihan pa ang isang salaysay na makakapagpahayag ng saloobin ng batang LGBT. Sa kuwento ni *Ikaklit* din, ang dalawang ina ay masasabing ginagampanan pa rin ang papel ng pag-aarugang inaasahan naman talaga sa kababaihan, kung kaya mas madali pa itong matatanggap ng mga mambabasa. Mas malaki sigurong balakid ang mararanasan ng kuwentong nagtatampok ng dalawang ama. Sa katotohanan, mayroon na ngang naisulat na kuwento si Michael de Guzman na pinamagatang *Dalawa ang Daddy ni Billy* na naisumite para sa *Salanga Prize ng Philippine Board on Books for Young People* (PBBY) noong 2003. Nasaan na kaya ito makalipas ang labing-isang taon? Handa na kaya ang ating lipunan para sa ganitong aklat na pambata?

Mapapansin din sa haba ng mga pangungusap at sa mga salitang ginamit sa mga akda na angkop itong basahin ng mga batang may edad na walo hanggang siyam, na may kasanayan nang magbasa nang mag-isa. Posible rin naman itong maunawaan ng batang anim hanggang pitong taong gulang, ngunit kailangan ng gabay ng nakatatanda dahil mas limitado pa ang kanilang kakayahang makabasa at makaintindi ng ganitong antas ng panitikan (Horning 1997). Kapag inilapat ito sa mga pananaliksik tungkol sa pag-unlad ng kaalaman tungkol at pagkilos ayon sa kasarian, nagkakaroon ng dagdag na hamon sapagkat pag-abot ng limang taong gulang, malinaw na sa bata kung ano ang inaasahan at "nararapat" sa sariling kasarian (Martin, Ruble, at Szkrybalo 2002). Kung malinaw na sa kanila ang katangiang inaasahan sa kanilang kasarian kapag nabasa nila ang mga kuwento, kinakailangang bawiin ang kaalamang ito upang maging mas bukas sa paglihis dito. Kung mayroong kuwentong maisulat para sa mas bata pang mga mambabasa, baka posibleng mas maagang magkaroon ng impluwensiya sa kanilang mga pananaw tungkol sa kasarian.

Kakaiba ang hamon para sa mga kuwentong pambata, dahil dalawang hakbang ng pagtanggap ang pinagdadaanan sa pagpili at pagbasa ng kwento—sa bata at magulang o guro. Mas lalong matingkad ang hamong ito sa Bongga at Ikaklit, dahil kinakailangan din ng nakatatandang suriin ang kanyang sariling mga pananaw tungkol sa mga isyu ng LGBT. Siguradong maraming katanungan ang mga batang magbabasa o babasahan ng mga kuwentong ito, at kailangang maging handang sagutin ito ng magulang o guro. Marahil parehong bata at matanda ang nangangailangan ng pagbabago ng pagtingin sa kasarian at lawakan ang mga kahong nakasanayan na.

Sanggunian

Gooden, A. at M. Gooden (2001). Gender representations in notable children's picture books: 1995-1999. *Sex Roles,* 24 (1-2), 89-101.

Horning, K. (1997). *From cover to cover: Evaluating and reviewing children's books*. New York: HarperCollins.

Martin, C.L., D. Ruble at J. Szkrybalo (2002). Cognitive theories of early gender development. *Psychological Bulletin,* 128 (6), 903-933.

Ofreneo, M. (2013). Towards an LGBT-inclusive psychology: Reflecting on a social change agenda for Philippine psychology. *Philippine Journal of Psychology,* 46 (2), 5-18.

Thornberg, R. (2010). Schoolchildren's social representations on bullying causes. *Psychology in the Schools,* 47 (4), 311-327.

Ryan, C. at J. Hermann-Wilmarth (2013). Already on the shelf: Queer readings of award-winning children's literature. *Journal of Literary Research,* 45 (2), 142-172.